The City of
SAN DIEGO
Environmental Services Department

# PAKSA: Transisyon sa Serbisyo sa Pangongolekta ng Basura sa Bahay ng Lungsod ng San Diego City – MALAPIT NANG DUMATING ANG MGA LALAGYAN MULA SA LUNGSOD



Minamahal na May-ari ng Ari-arian,

Nakikipag-ugnayan kami dahil ang iyong ari-arian sa ibaba ay naghahanda nang magtransisyon sa **serbisyo ng pangongolekta ng basura sa tirahan ng Lungsod ng San Diego**. Bilang bahagi ng transisyong ito, ang iyong mga bagong **lalagyan na ibinigay ng Lungsod para sa basura, inire-recycle at organic na basura** ay malapit nang ihatid sa iyong ari-arian.

Mga Detalye Ukol sa Iyong Ari-arian:
Address: [Insert Property Address Here]
APN: [Insert APN Here]

## MAHALAGA: Huwag Munang Kanselahin ang Iyong Franchise Hauler Service

Kung kasalukuyan kang naka-enroll sa isang pribadong franchise hauler, mahalaga na **hindi mo kanselahin ang iyong kasalukuyang serbisyo hanggang sa pisikal na matanggap mo ang lahat ng tatlong lalagyan na ibinigay ng Lungsod sa iyong ari-arian**. Ang pagkansela nang napakaaga ay maaaring magdulot ng **hindi pangongolekta ng basura, inire-recycle at organikong basura**.

Sa oras na matanggap mo na ang iyong mga lalagyan na mula sa Lungsod at nadala ang mga ito sa iyong ari-arian, dapat mong kanselahin ang iyong pribadong serbisyo ng franchise haulet.

### Ano ang Aasahan:

- Ang karaniwang 95-galon na lalagyan ng basura, inire-recycle at organikong basurang **na mula sa Lungsod ay ihahatid** sa iyo ari-arian bago lumampas ng Hulyo 2025.
- Kung ang iyong ari-arian ay kasalukuyang sineserbisyuhan ng isang pribadong hauler, dapat mong **ipagpatuloy ang serbisyong iyon hanggang sa matanggap ang mga lalagyan na mula sa Lungsod**.
- Sa oras na natanggap na ang mga lalagyan na mula sa Lungsod, hilahin ang mga ito sa iyong ari-arian at itabi nang maayos para sa regular na paggamit. Pagkatapos, dapat mong kanselahin ang iyong serbisyo sa iyong pribadong franchise hauler, na mag-aalis ng kanilang mga lalagyan sa iyong ari-arian.
- Ang iyong bagong araw ng serbisyo ay magiging <<Insert Collection Day>>. Linggo-linggong seserbisyuhan ang mga basura at organikong basura, at ang ire-recycle ay seserbisyuhan kada makalawang linggo. Isang welcome packet ang ihahatid kasama ng iyong mga bagong lalagyan, na may kumpletong kalendaryo ng koleksyon, o maaari mo itong tingnan sa Get It Done sa **sandiego.gov/get-it-done** sa oras na maihatid na ang iyong mga lalagyan.
- Kung inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang isang bagong Singil sa Pamamahala ng Solidong Basura sa Hunyo 2025, ilulunsad ng Environmental Services Department ang bagong portal ng customer na nakabase sa web sa Hulyo 15, 2025, kung saan maaaring humiling ang mga may-ari ng ari-arian o kanilang mga itinalaga ng mas maliliit na lalagyan o ibang bilang ng mga lalagyan. Pagkatapos ay paplanuhin ng Lungsod na maghatid ng mga bagong lalagyan sa mga ari-arian simula sa Oktubre 2025.

### Naghain Ka ba ng Apela, o Mayroon Nang mga Lalagyan na mula sa Lungsod?

- Kung naghain ka ng apela sa Environmental Services Department at ito ay **naaprubahan**, maaari mong ipagwalang-bahala ang abisong ito, at walang mga lalagyan na mula sa Lungsod ang ihahatid.
- Kung naghain ka ng Apela sa Pagiging Karapat-dapat, at **hindi mo pa natanggap ang iyong mga resulta** sa pamamagitan ng email o telepono hanggang Mayo 27, o **mayroon ka nang mga lalagyan na mula Lungsod sa lugar**, mangyaring makipag-ugnayan sa Environmental Services Department sa **trash@sandiego.gov** o **858-694-7000**.

### Mga Mapagkukunan at Tulong:

Bumisita sa **sandiego.gov/trash-service-updates** o makipag-ugnayan sa Environmental Services Department sa **858-694-7000** o **trash@sandiego.gov** para sa karagdagang impormasyon.

**I-scan para sa mga magagamit na wika:**
- Español
- Tagalog
- Tiếng Việt

Pinahahalagahan namin ang iyong kooperasyon at pakikipagtulungan sa paglikha ng isang mas malinis at mas luntiang San Diego.

Taos-puso,

**Environmental Services Department ng Lungsod ng San Diego**

SD Environmental Services